darating (salot o masamang panahon), mayroong matitira o maaaning palay na papakinabangan. Ito ang tinatawag na *genetic diversity*, ang yamang minana natin sa ating mga ninuno na dapat ay sama-sama nating mahalina, paunlarin at pagyamanin para sa mga susunod na salinlahi. Ang mga sinaunang binhi o binhing tradisyunal (TRV) ay nagtataglay ng genetic diversity. Dapat gamitin at paunlarin. Ang mga makabagong binhi (HYV o HRV) ay may genetic uniformity. Daan ng patuloy na pagkaalipin. (MASIPAG—Mga Magsasaka at Siyentipiko Para sa Ikauunlad ng Agham Pang-agrikultura)

Gatas kalabaw

Materyales:

- 1 litro gatas ng kalabaw (1 malaking bote ng Pepsi)
- 3 tasang asukal

Paraan ng Paggawa:

1. Palaman sa Tinapay
Pakuluan sa bukas na kaserola o kawale hanggang lumapot na parang kondensada ang gatas at asukal.

2. Pastilyas de leche
Kung nais, patuyuin pa hanggang mawala ang tubig at maging malambot na lamang.

Ilatag nang pantay sa malapad na sangkalan at hiwa-hiwain sa laking nais.

3. Kesong Puti
1. Initin ang gatas sa init na 40 °C. Kung walang termometer, malalaman na ganito na ang init kung ilulubog nang kaunti ang likod ng kamay sa ibabaw ng gatas. Kung matatagalan ang init nang ilang minuto, ayos na nga ang init nito.

2. Alisin ang lutuan sa kalan at lagyan ng 20 cc katas ng abomasum (crude rennet extract) at isang (1) kutsarang suka. Ito ay nagagawa sa pagbababad ng kapirasong abomasum (1 sa 4 na sikmura ng baka na makukuha sa matadero) sa mainit na tubig.

Sa loob ng kalahating oras, ang gatas ay



maglalatak at mamumuo. Hiwahiwin ito nang maliliit na kuadrado parang mais.

3. Ilagay sa lutuan at initin nang mga 30 minuto hanggang sa matunaw ang mga ito. Haluin nang marahan.

Lagyan ng isang kutsarang asin, halu-ling mabuti.

4. Palamigin. Iwan sa lalagyan nang mga limang minuto at alisan ng sobrang tubig.

5. Lagyan ng isang kutsaritang sodium citrate (nabibili sa botika) upang mapatagal ito na hindi nasisira.

6. Pagkahalo, ilagay ito sa mga supot na plastik. Maaaring tumagal ito nang isang linggo. (Tekno-Tulong)

Pananakot sa bata

ISANG UMAGA habang ako ay nagwawalis sa harapan ng aming bahay ay bigla akong nagulantang sa pahiyaw na iyak ng isang batang lalaki na aming kapitbahay. Ang dahilan ay pinagtaguan siya ng isang nakakatandang babae na nagaalaga sa kanya. Nahalata ko na ang babae ay nilalaro ang bata—pinapaniwala niya ang musmos (wala pa sigurong edad na apat na taon) na siya'y umalis na.

Nang hindi tumigil ang pag-iiyak ng bata, ang babae'y nagpakita at humalakhak at sabay na nagsabi "o akala mo umalis na ako, ano?"

Unti-unting tumigil ang iyak ng bata na para bang takot na takot maiwanan ngunit ang babae ay hindi man lamang gumawa ng ano mang habbang upang karinyuhin ang bata. Bagkus, pinabayaang niya ang bata at parang walang ano mang nangyari, ibinaling ang kanyang atensiyon sa mga taong naglalakad sa daan.

Hindi lang ito ang unang pagkakataon na napuna ko ang ganitong "pakikipaglaro" ng babae sa bata. Sa katunayan ang ganitong pagtrato ay madalas mangyari at ang mga ibang matatandang kamaganakan niya ay sumasali rin sa pananakot sa bata.

Ilaw ng Tahanan



ni EDITA TRONQUED BURGOS

Matatapos lamang ang kasayahan ng mga matatanda kapag lumalakas na ang iyak ng bata at pinatatahan nila sa pagsabi na ang kunwaring pagaalis ay isang "biro" lamang.

Ang pakikipagugnayan sa isang musmos sa ganitong klaseng biro ay pangkaraniwan sa ating mga pamilya.

Malimit natin naobserbahan kung paano tinatakot ang mga inosenteng bata ng mga matatanda sa mga katagang "iwanan na kita" o "babay, aalis na ako" ngunit wala naman talagang intensiyon na lumisan ang matanda.

Sa ganang akin ito'y isang masaklap at malupit na pakikitungo sa isang bata na walang malay kung ano ang kahulugan ng ganitong biro. Sa isang bata ano man ang pagtatangkang siya'y iwanan ay isang katotohanan sa isip at damdamin niya. Ang pangangailangan ng bawat matatanda sa isa't isa ay isang normal na emosyon. Ano

pa kaya sa isang musmos?

Sa isang bata, ang kasiguruhan ng isang tagapagalaga ay pertinente sa kanyang paglaki. Hindi maaaring pabayaang at lalong hindi dapat bigyan ng pangamba o takutin dahil lalaki siyang hindi matatag sa kanyang sarili at hindi siya makabubuo ng pundasyon na base sa pagmamahal.

Lahat ng bata ay isinilang upang mapangalagaan. Hindi katulad ng ibang hayop na may instinto at kakayahang lumapit sa inahin upang sumuso o kaya'y maghanap sa sarili ng pagkain. Ang sanggol ay kailangan pang kargahin upang pasusuhin at kung pababayaan siya ay mamamatay.

Sana'y dapat maunawaan ito ng mga matatanda at iwasan ang ano mang okasyon na nagpapabaya sila sa kanilang tungkulin bilang tunay na tagapagalaga ng mga kabataan.

MGA SANGKAP:

- 5 kilong kamias
- 1 tasang toyo
- 3 kilong asukal
- 2 kutsarang apog

MGA KAGAMITAN:

- palanggana
- plastic bag
- tasang sukatan
- kutsarang sukatan

- toothpick o tinidor
- plastic sealer
- solar dryer

(National Training and Demonstration Center for Fruits and Vegetable Based Products, Don Severino Agricultural College, Indang, Cavite)

Kamias prunes

<p>1</p> <p>Pumili ng katamtamang laki ng kamias.</p>	<p>2</p> <p>Hugasang mabuti. Alisan ng tampok ang magkabilang dulo, Tusuk-tusukin ng tinidor o toothpick.</p>	<p>3</p> <p>Timbangin. Ibadad ng magdamag sa apog. 1 kutsarang apog sa 1 isang galong tubig.</p>
<p>4</p> <p>Hugasang mabuti at pasu-mandaling ihulog sa kumukulong tubig.</p>	<p>5</p> <p>Lagyan ng asukal. 1 (isang kilong asukal) 2 (kilog kamias).</p>	<p>6</p> <p>Lutuin. Ilagay ang iba pang sangkap, katulad ng asin at toyo.</p>
<p>7</p> <p>Pakuluan ng 30 minuto.</p>	<p>8</p> <p>Patiktikin.</p>	<p>9</p> <p>Palamigin. Ibilad sa solar dryer ng 16-24 oras.</p>

<p>10</p> <p>Ilagay sa plastic bag. (60 grams)</p>	<p>11</p> <p>Isara sa pamamagitan ng plastic sealer.</p>	<p>12</p> <p>Lagyan ng label at iimbak sa tamang imbakan. (room temperature)</p>
--	--	--

Opinyon ng magsasaka

Ang katotohanan sa bukid ay nakalaan sa mga naglilingang ng sariling kakayahan.

ANG balak ko ay gawin ang kolum na ito bilang serye ng patuloy at organisadong salaysay sa agrikultura sa pangkalahatan, at pagsasaka sa uring Pilipino, sa partikular, ngunit sa papaanuman, ilang pasulpot-sulpot na kaisipan ang patuloy na sumisingit sa sandaling sisimulan ko ang mga gawain sa bukid. Ang pakikibagay sa biglaang pagbabago ng istilo ng pamumuhay ay isang nakabibiglang karanasan na gumagawa sa isipan na isang tunay na sisidlan ng mga ideya at mga larawan na maya't-maya'y sumasambulat na baha ng mga pananalita.

Bukod dito, parang may kakulangan sa mga materyales na aking maasahan na, ayon sa pamantayan ng peryodismo, ay mahigpit na kinakailangan ng isang manunulat upang alalayan ang kanyang paghahayag.

Nararamdaman ko na kailangan kong lumuhis sa pag-uulat sa paraan ng isang peryodista (na nangangahulugan ng pagbubunyag ng katotohanan sinuman ang masasaktan) at alisin ang aking hilig sa pagsagot sa mga tanging personal na katanungan tungkol sa aking pagiging "prim- itibo."

Ang peryodismo ay ipinapalagay na isang makatotohanang paglalahad ng mga pangyayari at mga tao, hindi kailanman isang palagay ukol sa kung ano ang nadarama ng isa, gaano man ang

pangangailangan na gamutin nang lantaran ang masakit na damdaming ito - kung paanong ang mahapding sugat ay nangangailangan ng hangin upang maghilom at maging bahagi muli ng kabu- uan. Ngunit dahil sa ang bahaging ito ay malinaw na tinatakan na "kolum," nasa akin ang pribilehi- yo at kalayaan upang galugarin ang lalim ng damdamin ng tao hangga't ibinubunyag ko ang mga ito bilang gayon.

Magmimistula akong impertinente sa gitna ng maraming krisis na kinakaharap ng ating bansa ngayon. Ang tanging depensa ko bilang peryodista ay: ang suliranin ng bansa ay pinag- usapan at patuloy na pinag-uusapan ng mas maru- nonong na mga pantas sa loob at labas ng mesitang pambalitaan. Ang totoo ay alam na nating lahat ang mga suliranin ng ito. Panahon na upang tayo ay kumilos nang nararapat para sa mga ito. Tama na ang ngawa. Umpisahan na ang gawa. Kaya't ako ay nasa kabukiran, nagtatanim upang may makain.

Ako ay nakikitungo sa mga katotohanan sa mahigit na 30 taon ng trabaho sa peryodiko. Ma- rahil ay panahon na upang tipunin ang aking mga sentimiento upang iparating ang isang punto. Tawagin na itong lisensiya sa peryodismo o ka- layaan sa pagpapahayag ngunit gusto kong paala- lahanan ang aking mga mambabasa na wala na akong pakialam sa reaksyon ng publiko hangga't ang aking isinulat ay ang tunay kong nadara- ma, base sa sarili kong karanasan at pakikisala- muha sa mga kapitbahay kong magsasaka.

Nais ko ring tiyakin sa aking mga mambabasa

na bagama't may sagrado akong karapatan upang ihayag ang tunay kong damdamin o opinyon, sila man ay may katulad na karapatan na huwag basahin ang aking kolum o kontrahin ang aking mga ideya - o panatilihin ang kanilang kapaya- paan sa pamamagitan ng pagkikibit balik at pagturing sa akin bilang baliw.

Sa bukid, walang tinatawag na opinyong pub- liko. Ang nakapangyayari ay ang pansariling opinyon na walang palamuti na karaniwang naroo- ron kung higit pa sa dalawang matatalinong tao ay nagkakanig gaya ng kinakalawang na kade- nang bakal at nagsisikap na magsagawa ng bu- nonong pangkaisipan sa mga walang kakwenta- kwentang bagay gaya ng pulitika.

Ang opinyong publiko ay humihikayat sa iba upang maging mga ungas. Siyempre, iyong mga humuhugis ng opinyong publiko ay mga ungas din. Sa katunayan, mas malala pa nga sila - alam nating mga ungas sila ngunit sinisikap nilang itago ito sa pamamagitan ng kanilang karunun- gan o kung ano pa man na mapagkakamalang ganito. Ano pa ang sasama sa isang ungas kundi ang ipokrito?

Sa kalaunan, ang opinyong publiko ay sumisilo sa mapaniwalain at sa inosente sa isang patibong ng mabahong salitaan upang gawin silang tapun- an ng sisi sa sandaling ang opinyong nasa angkot ay gumanti ng sampal sa mukha ng mga tagagawa at tagapangalagat ng mga opinyon.

MULA SA BUKID



ni JOSE G. BURGOS, JR

Salitang 'kuwan'

Ang paghukunwari ay nahahalata sa tinatagong kataga at iba pang salita.

HINDI ko alam kung may ka- tumbas ang salitang "ku- wan" sa ibang lengguwahe pero ang katagang ito'y bukung bibig ng sinumang Pilipino ma- bata o ma-matanda; babae man o lalaki.

Ang "kuwan" ay sariling Pilipino at ito'y maraming kahulugan. Ang salita ay buntis at mayaman sa iba't-ibang interpretasyon at maaaring magamit ito sa sari-saring sitwasyon.

Sa mga malisyoso, ang "kuwan" ay ginagamit kung kabastusan ang pinag-u- usapan. Maaaring ang kahulugan nito'y tung- kol sa pribadong ari ng isang tao, babae o lalaki, o kahit na bakla.

"Nakita ko ang kuwan niya," ay uso kung nag-uusap ang inosenteng bata. Kung ang matatanda naman ang nag-uusap at ayaw mapahiya sa isa't isa dahil akala nito'y kabastusan ang pagbanggit ng isang bagay na mason naman ang lahat na ni- likha ng Diyos, ang pampalit ay "kuwan".

Sa kabilang dako naman, ang "kuwan" ay ginagamit kung hindi maalaala ang isang bagay, isang lugar o isang pangalan ng nagsasalita, "Kilala mo ba si...kuwan?" "Pakiabot nga ang...kuwan." "Sa...kuwan kami nagkita."

Short-cut, sa madaling sabi, ang pag- gamit ng salitang "kuwan." At ito'y katum- bas ng isang karakter ng mga Pinoy na madaling makalimot o ayaw magbanggit o mamulat sa katotohanan. May isang tawag pa rin dito: Ang pagkukunwari.

Kaiba naman ang katayuan sa bukid. Dito, deretsahan ang pananalita. Ang "ku- wan" ay bihirang gamitin dahil ang lahat ng bagay may kaugnayan sa pagsasaka ay may kanya-kanyang kawangis. Walang iti- natago, walang pagbabalatkayo.

Naalaala ko tuloy ang dalawang bata - isa, anak ng magsasaka, ang ikalawa nama'y taga-lungsod na nagbabakasyon sa bukid-na nadinig kong nag-uusap habang minamasdan ang inahing baboy na nakakulong.

Sabi ng batang taga-bukid: "Namamaga na ang puki. Siguro inhit na. Kailangang mabulog na."

Napahiyang sumagot ang pangalawang bata na bisita: "Ang bastos mo naman."

Namangha ang unang bata at nagsabi: "Bakit, kabastusan ba ang mag- salita ng katotohanan?"

Katulad ng batang taga-siyudad, marami sa atin ang namulat sa artipisyal at napaglalang na kapaligiran at dahil na rin dito, kumakapa tayo sa kadiliman ng pag-iisip.

(Sundan sa pahina 7)

Integridad ng magsasaka

Ang pagsupil ng makamundong nasa ay pangkaraniwan sa mga magsasaka na may integridad sa pakikibaka.

Ang karaniwang magsasaka ay mas gugus- tuhin pang kimkimin ang kanyang opinyon sa kanyang sarili upang masiguro na mapapanatili niya ang kanyang kalayaan at kasarinlan. Ginagawa niya ang kanyang gawain tangi lamang sa kanyang instincto (instinct) at karanasan, na tinutulungan ng pamamaraan, kundi man kapritso, ng kalikasan. Ang ganitong pag- tangkilik sa nakasanayang gawi na karaniwan sa mga magsasaka ay resulta marahil ng ma- habang pagpapabaya na mahigpit na ipinataw ng pamahalaan upang gawing mas mahirap ang mahirap at mas mayaman ang mayaman.

Kaya't bilang patakaran, ang magsasaka ay gumagawa sa ganang kanyang sarili, may pamahalaan man o wala. Dahil sa sanay na siya sa bukid, ginagawa niya ang kanyang pang- araw-araw na rutina, kung kaya't napapatibay ang kanyang kasarinlan, manapa'y hindi nai- impluwensiyahan ng panlabas at gawang-taong mga puwersa, kabilang ang opinyong publiko. At dahil sa naniniwala siya na ang bawat tao ay kakaiba sa iba, walang sinumang tao ang

dapat sumagabal sa pagpapabuti sa sarili ng ibang tao dahil ang ganito ay magiging kaba- wasan sa personalidad at potensyal ng isang nilalang.

Sa magsasaka, tanging ang Diyos ang may karapatan na impluwensiyahan ang at mamag- itan sa kapalaran ng tao. At ginagawa Niya ito nang tahimik at epektibo, sa pamamagitan ng batas ng kalikasan na kanyang ginagamit upang pamahalaan ang kanyang makalupang mga alagad. Di gaya ng mga taga-ukit ng opinyong publiko at ng malabis na pinapurihang mga tagapagligtas ng kaluluwa na nag-angkin ng isang pamamaraan na sumisira at nagliligaw sa pansariling kalayaan, na gumagawa sa mga tao na alipin ng panlahatang histeria at organ- isadong kalituhan.

Ang sinuman na malalim ang pagkakaugat sa lupa at na itinuturing ang pagsasaka bilang pambuong panahong hanapbuhay ay nakakas- umpung na ang gawain ay sapat na kasiya-siya anupa't nailalayo siya sa mga okasyon na maaar- ing makasira sa kanyang balanseng kamalay- an (sense of proportion) at pagkatao. Kaunti lamang ang kanyang pagkakataon upang maimpluwensiyahan ng iba na nagpapalala sa mga kahinaan ng tao gaya ng inggit at kasaki- man sa kayamanan, katanyagan o kapangyar- ihan. Sa karaniwang magsasaka, sapat na ang

sapat. Sapat na pagkain, sapat na salapi upang mapag-aral ang kanyang mga anak (maski na hanggang ika-anim na baytong lamang), sapat na salapi upang makabili ng sigarilyo at alak sa oras ng pamamahinga pagkatapos ng mahirap na gawain sa bukid, at marahil sapat para sa abono at pamatay- peste sa pagsapit ng pana- hon ng pagtatanim. Wala nang lalabis pa rito. Walang gaanong kaalwanaan para sa kanyang sarili at para sa kanyang pamilya. Sapat na na may kubong matutulugan, tubig na mainom at isang kapisasong lupa na sasakahin (huwag nang pansinin kung ang lupa ay pag-aari ng iba).

Sa maikli, hindi siya naghahanap ng labis. At ang mga tao na hindi naghahangad ng labis o walang nag-aapoy na ambisyon upang man- guna o umalinsabay sa iba ay mga tapat na tao. Walang alinlangan na pinatutunayan niya ang kawikaan na iminungkahi ng mga matatanda na hindi siya mahirap na salat sa ari-arian kundi siya na naghahangad ng marami.

Ang magsasaka ay hindi nandaraya bagama't madalas siyang nadadaya at napag- sasamantalahan kung papaanong ang kani- lang mga ninuno ay nadaya at napagsamanta- lahan ng kanilang mga among kolonyal. Ngunit gaya ng kanyang hayop na pangkarga, ang kalabaw, masikap niyang ginagawa ang kan- yang gawain, nagbibigay ng pagkain para sa iyo at sa akin nang walang isa mang daing.

Mayroon din siya sa kanyang pag-aari ng isa pang mahalagang bagay na wala sa karami- han kundi man sa lahat ng mga tao na nad- adaig ng kanilang sariling ambisyon: ang kati- wasayan ng pag-iisip. Ang kapanatagan ng kaluluwa. Ang pagsupil ng emosyon. Ang pag- dadalisay ng di-inaasahan at mapapait na mga nasa.

Sapagkat nakaatag sa kanyang balikat ang bawat aspekto ng gawain sa bukid (hindi niya kinakailangang iasa sa iba ang kanyang gawain), napapanatili ng magsasaka ang kan- yang integridad. Kung siya ay mabigo, wala siyang sisisihin kundi ang sarili niya. Kung siya ay magtagumpay, mabuti para sa iyo sapagkat hindi ka maruutom.



Ang "Lupa" ay lumalabas minsan isang buwan at inilalathala bilang serbisyo publiko para sa mga magsasaka at mga institusyon na may kaugnayan sa agrikultura. Walang bayad ang bawat kopya.

JOSE G. BURGOS, Jr.
Publisher-Editor

Ang pang-editorial na tanggapan ay matatagpuan sa 92 Road 1, Project 6, Quezon City; Tel. Nos. 99-53-67; 99-51-17 at 99-40-97.

Maaari din makipag-ugnayan sa field office sa Barangay Tartaro, San Miguel, Bulacan.

Sustainable Agriculture-2

Pesticide residues in food

By FELIX ZAMORA, JR., PAJ

DESPITE THE on-and-off attempts of our government's agricultural instrumentalities and some research institutions to promote integrated pest management that include the use of beneficial parasites and predators, highly toxic chemical pesticides indiscriminately recommended to and used by gullible farmers bent on making profits continue to be the preferred crop protection measure, passing on toxic and carcinogenic residues on nutritionally deficient food crops to innocent consumers.

Pests pose serious problems to many major food crops causing annual yield losses estimated at 30 to 60 percent. Consequently, farmers depend heavily on chemical pesticides for crop protection, the increased usage of which has caused considerable concern about their ill effects on health and the quality of agricultural products at the expense of consumers, the natural environment and the well-being of the future generation.

Chemical pesticides are formulated to remain on a crop after application to provide protection against pests. However, the greater concern is focused on the level of residues that remain in and on the foods that are sold and consumed.

It is only in recent times that governments require that prior to the introduction of pesticides into their markets, agrochemical manufacturers must first determine the expected nature, levels and toxicological significance of the associated residues. Government instrumentalities and international organizations use such background information to establish the legal limits for pesticide residues in foods and the minimum periods to be observed between spraying and harvesting.

The legal limit referred to as "minimum residue level" (MRL) or tolerance, is defined as the maximum residue concentration resulting from the use of a pesticide, taking into account the minimum quantities required to achieve adequate pest control while allowing the least amount of residue practical and acceptable from a health standpoint without risks of long term toxic or carcinogenic effects.

This acceptable residue level of each specific pesticide formulation is based on an estimate of the level of residue intake below which the risk would be too small to be of concern. The level known as "acceptable daily intake" (ADI) is defined as the amount of

pesticide residue that may be consumed daily by an individual during his active lifetime with reasonable certainty that on the basis of all known facts, no relative harm will result.

ADI levels are established after extensive tests and assessments are undertaken for possible carcinogenic (oncogenic), mutagenic and teratogenic potentials on laboratory animals. The intake level when given daily over the lifespan of laboratory animals without causing any toxic toxicologically significant effects is determined and the ADI is derived after applying conservative safety factors. The residue appraisals are rarely based on short-term or acute toxic hazards but rather on the possible long-term effects resulting from ingestion of very small amounts over a lifetime.

While pesticides are not immediately debilitating or lethal, most chemicals used for pest control are not only toxic to intended target organisms but also to non-target species such as parasites and predators that are beneficial to crops. Tests on laboratory animals have shown that some compounds may cause birth defects in children born to directly exposed adults or cause other chronic effects such as enzyme disorders, deterioration of blood cells or cancer.

The Food and Agriculture Organization/World Health Organization (FAO-WHO) Codex Alimentarius Commission sets the international standards of MRLs and ADIs for agricultural crops intended for the international trade. The standards are adopted by many governments to ensure that safe levels of pesticide residues in food are not violated.

In general, higher pesticide residues are more prevalent in horticultural crops such as fruits and vegetables which are more heavily treated than rice and other food crops. This was found to be especially true of food crops for domestic consumption where no monitor-

ing is done due to lack of expertise and sophisticated equipment to conduct residue analysis. Moreover, quantitative data documenting the magnitude of the problem are lacking.

The "Handbook on the Use of Pesticides in the Asia-Pacific Region," (Asian Development Bank, Manila, November 1987) reveals the following facts about pesticide related problems in the Philippines.

Significant environmental, health and safety concerns

Hazards to Users: Concern over safety of users; poisoning cases are monitored, but no statistical analysis is done; occupational health programs instituted.

Residues on Food: Expressed concern but minimal work done; exporters have expressed concern.

Effects on Soil, Water and Non-target Organisms: Expressed concern but uncoordinated monitoring.

Pest Resistance: Isolated cases reported.

Other Hazards: Disposal of toxic wastes from pesticide plants. Adulteration of products inducing toxicity to users.

Suggested Mitigation Measures:

1. Develop/implement coordinated residue monitoring.
2. Provide regulatory agency with required laboratory facilities for residue monitoring.
3. Development/implement statistical monitoring of poisoning.
4. Strictly enforce (regulations on) farm use of pesticides.

The Handbook also include the following extracts from the Country Profile on the Philippines:

Pest Management Practices

Vegetables. Use of insecticide on vegetables is estimated at 20% of the total Philippine usage. Because vegetables are prone to diseases, fungicides - particularly dithiocarbamates - are also used.



CHEMICALS: A second, hard look.

[Dithiocarbamates and Related Compounds. Zinc, manganese and iron salts of dithiocarbamates are used as agricultural fungicides. Thiram disulphides, formed by oxidation of dithiocarbamates, are used as fungicides and seed dressings against soil fungi. The group has low acute toxicity to humans and animals; however, their chronic effects (e.g. oncogenicity) must be taken into account. Examples of this group include ferbam (iron salt), maneb (manganese salt), and Zenib (zinc salt).]

Environmental Concerns. The increasing use of pesticides within the agricultural sector raises significant concerns, such as hazards to health and the natural environment; residues in food and the environment; and pest resistance.

Residues on Food and Export Crops. Market-based samples of vegetables are routinely analyzed for residues by the pesticide laboratories of the Bureau of Plant Industry (BPI), particularly for organochlorines and organophosphates. Several other agencies monitor residues in lakes, rivers and other bodies of freshwater and exporters of agricultural products regularly analyze banana and tobacco shipments prior to export.

Consumer awareness of the potentially adverse effects of pesticide residues has increased and consumer groups now pressure the government

to strictly enforce pesticide-related legislation.

Enforcement Mechanism. Monitoring of pesticide residue is conducted by the Fertilizer and Pesticide Authority (FPA) in collaboration with the BPI. Market-basket and field samples in areas of high pesticide use are analyzed and results are assessed by the FPA. Corresponding regulatory policies are initiated to minimize residue problems.

Lack of Interagency Cooperation. Numerous agencies are involved in pesticide residue monitoring, either directly or indirectly: the Laguna Lake Development Authority (LLDA), the BPI, the FPA and the Department of Environment and Natural Resources (DENR). However, there is no coordinating body to collate research findings or to formulate regulatory policies.

While there are "expressed concerns" on pesticide residues that may be in or on the food that a housewife or househelp may buy from the supermarket, grocery, public or private market, which one among the "numerous agencies" or the government is designated by law to ensure that the large volume of fruits and vegetables that pass through trade channels everyday, meet MRL and ADI levels?

In the ADB Handbook, not even the Bureau of Food and Drugs or the Department of Health is listed among the

agencies that need to be involved in pesticide residue monitoring and implementing appropriate control measures. Furthermore, the "suggested mitigation measures" makes it manifest that the country lacks the equipment and the agency required to ensure consumer food safety.

One lady doctor who makes it a point to do her own week-end marketing for her family's fresh food supplies from a public market patronized for its wide selection of vegetables and fruits from various parts of the country, was observed to particularly pick vegetables with signs of insect infestation like holes on leaves while other vendors offer perfect ones that she rejects outright.

When asked why, the doctor's simple explanation was that the vegetables may have been harvested from insect-infested crops but that they were probably free from toxic pesticide residues even while she is also aware that they may be deficient in some nutrient contents which she could make up with other supplemental foods for well-balanced diets.

The point should now be obviously clear that when one raises fruits and vegetables using organic, biological and non-toxic methods, the elements of food safety and full nutritional values would be there to be had and enjoyed.

6 major RP farm crops suffer setbacks

SIX MAJOR crops being grown by the country suffered production setbacks while five others posted modest gains last year, according to the agriculture department.

But the declines did not prevent the crops subsector from increasing its output to 64.4 million metric tons (mt) to improve on its 1990 harvest of 61.4 million mt by 4.84 per cent, the department points out.

It reports that the entire agricultural sector of the national economy (crops, livestock poultry and fishery) came up with a 69.2 million mt production, 4.65 per cent better than the year ago's 66.1 million mt.

Gross value of the sector's production showed a real growth rate of 1.25 per cent (constant 1985 prices) or 11.84 per cent if computed at current (1991) prices, according to the department. In peso terms such percentages respectively read into P204 billion and P305.5 billion.

Among the subsectors, poultry led with a real growth of 3.45 per cent; fishery, 2.41 per cent; livestock, 1.26 per cent, and crops, 0.71 per cent.

The marginal growth posted by the crops subsector is explained by the department as due to production shortfalls suffered by the six major crops it lists as:

Mango, a drop of 10.57 per cent or from 337,600 mt to 301,900 mt; fibers, to 55,100 mt from 58,400 mt (5.65 per cent); coconut, down by 4.39 per cent, from 11.9 million mt to 11.4 million mt; corn, 4.65 million mt which was off 4.10 per cent from the previous 4.85 million mt; pineapple, down to 1.11 million mt from 1.15 million mt (3.35 per cent); and coffee, from 134,100 mt down to 133,400 mt (0.52 per cent).

Most impressive gain at 17.79 per cent was posted by sugarcane production with an output of 21.9 mil-

lion mt which wiped out a 12.8 per cent shortfall suffered in 1990 when its harvest dropped to 18.6 million mt compared to the 21.4 million mt of 1989.

Gainers among the other major crops are singled out by the department as abaca with a 5.71 per cent growth to 85,100 mt; tobacco, 4.28 per cent to 85,200 mt; palay or unhusked rice, 3.76 per cent to 9.6 million mt; and banana, 1.29 per cent to 2.9 million mt.

The nation's 1991 rice production failed to fulfill an early prediction of the department that harvest would be a record 10 million mt.

Eruption of Mount Pinatubo on June 14 last year was what prevented the expected bumper rice crop. Located in Zambales province of Central Luzon, the volcanic eruption prevented the region from producing its usual 1.5 million mt harvest of the cereal.

The department further reports that production of 12 other secondary crops also had a minimal 0.52 per cent growth since only two others managed increases in output with cabbage posting the more significant 10.98 per cent growth.

Ten crops came up with deficits and they were led by garlic, a whopping 35.20 per cent or from 17,900 mt to 11,600 mt; peanut, 9.77 per cent to 31,400 mt; eggplant, 8.25 per cent to 103,400 mt; mungo, 5.99 per cent to 25,100 mt; "calamansi," 4.44 per cent to 47,400 mt; tomato, 3.37 per cent to 177,900 mt; rubber, 2.54 per cent to 180,700 mt; cassava, 2.07 per cent to 1.8 million mt; onion, 1.30 per cent to 60,700 mt; and "camote" (sweet potato), 0.99 per cent to 662,300 mt. Other crops not listed grew by 1.55 per cent,


the department adds.

Turning to output of the poultry subsector, the department reports a production of 818,500 mt which represented a 3.39 per cent uptrend over the 791,700 mt of 1990. The growth is due mainly to the 10.82 per cent rise in duck egg production; 3.68 per cent in chicken eggs; 3.10 per cent in chickens, and 2.79 per cent in ducks.

Fishery posted a 2.31 per cent rise in catch. Commercial fishing upped its haul by 3.57 per cent over the

year ago while aquaculture came up with 3.01 per cent and municipal fisheries only 1.11 per cent, department figures show.

Continued ailing of the livestock subsector is shown by the thin 1.17 per cent growth it managed which is owed to the 5.29 per cent increase in the goat herd and 2.50 per cent rise in number of hogs. Carabao suffered a production decline of 4.98 per cent; cattle also down by 4.08 per cent, and ditto for dairy products, 1.56 per cent. (DEPTH-news)



BAGGAK ITI AGSAPA
DWSI 1251 kHz
Santiago, Isabela

BUKEL-SIRIB TI AMIANAN
DZSO 720 kHz
San Fernando, La Union

PUNLAAN SA HIMPAPAWID
DWBR 531 kHz
Batangas City, Batangas
DZLB 1116 kHz
Los Banos, Laguna

PAMANGGAS SA KAHANGINAN
DYRI 1107 kHz
La Paz, Iloilo City

PUGASAN SA KAHANGINAN
DYHP 612 kHz
DYRF 1215 kHz
Cebu City

BUDYONG SA KABANIKANHAN
DXCP 585 kHz
Gen. Santos City

PUNLAAN SA HIMPAPAWID
DWGW 684 kHz
Legaspi City, Albay

HUNGOS SA KAHANGINAN
DXBC 593 kHz
Butuan City
Agusan Del Norte

MAAYONG BUNTAG MAG-UUMA
DXMB 648 kHz
Malaybalay, Bukidnon

BAYANIHAN NG BAYAN
DXND
Kidapawan, North Cotabato

DUGOKAN SA NASUD
DXRA 783 kHz
Davao City

KISAW SA KABANIKANHAN
DXRA 783 kHz
Davao City


PUNLAAN SA HIMPAPAWID
DWAN 1206 kHz
SABADO 7-8 N.G.
PHILIPPINE PEASANT INSTITUTE

Mula sa Bukid (Mula pahina 5)

Sa kabukiran, natural lamang na malaman ang tunay na kalagayan ng bawat nilalang ng Diyos at ang pagkukunwari ay wala sa bokabularyo ng mga tagarito. Ang mga ipokrito ay walang lugar sa bukid. At ahil dito, maayos ang daloy

ng pag-iisip at pananalita. Nagkakainfindihan.

Ang hindi pagkakasundo ay sanhi ng malisya at ang kaayusan ay makamtan lamang kung ilalantad natin - at hindi binalutan ng kahiyaan—ang pagsambit ng katotohanan.



Middlemen behind soaring farm produce prices—DA

By ROBERT L. DOMOQUEN

THE JAWBONE routine is being used by the agriculture department in a fresh bid to compel lower retail prices of farm produce in the nation's cities and other urban centers.

It reports that a single product is sometimes handled by as many as eight different middlemen, such a process causing its farm-gate price to multiply five times or more.

Studies conducted by the department showed that effecting tie-ups between the farmers and retailers of the produce will effectively lower prices.

However, the farmers must first organize themselves before such a link with the retailers—supermarkets in the cities and associations of retailers in the public markets—can become reality.

Interviews conducted by the department with non-middlemen bulk buyers of farm produce resulted in the latter agreeing to purchase direct from the farmers provided the latter are organized or have a marketing arm which can assure steady and quality supply.

Results of the studies brought forth a department

order for its fieldmen throughout the nation to persuade the farmers to form themselves into associations which can deal effectively with supermarkets operators and vendors groups in the public markets.

Selling point of the fieldmen is that a direct link-up with the bulk buyers means increased income for the farmers and lower prices for the consumers.

Another benefit being cited by those doing the jawboning is that lower prices will encourage higher demand which in turn will spur the farm sector to greater production.

Local officials are also being urged by the department to join in the jawboning. They are reminded that higher income for farmers in their respective provinces or regions translate into solid economic progress.

The studies found that the middlemen continue as permanent fixtures of the

Current produce prices are deplored by the department as unreasonably high. It blames the middlemen as among leading factors behind the anomaly.

farm marketing system in the country. They have maneuvered themselves into a position where they have much say in price trends in the retail markets.

Some middlemen operate truck fleets which corner the delivery of produce from the farms to the markets. Others run strategically placed storehouses and also provide no-fuss production loans to the small farmers who are then obliged to sell their produce to the lenders.

Conducted by the department's Marketing and Technical Assistance Division, the studies further cite clout of the middlemen as in some cases is due to being members of the economic and political elite in their respective localities. This explains why efforts to dislodge them from the marketing system often fail.

The department further reports that the studies determined willingness of

Metro Manila-based supermarket operators and public market vendors associations to go over heads of the middlemen if direct buying from the farmers groups is possible.

Metro Manila with its 8 million population remains the top market of all farm produce in the country, the department reminds indicating that if the envisioned tie-up between farmers and direct retailers succeed, it will be easy to replicate the arrangement in the other urban centers of the nation.

The Metro Manila supermarket operators listed three conditions for them to purchase direct from the farmers and the department lists them as:

—Farmers should provide vegetable and fruits produce at cheaper prices than the middlemen.

—The produce should be of good quality.

—Supply should be continuous or steady even during the off-season of a particular produce.

The first two conditions will not be difficult for organized farmers to comply with since their handling and transport costs will be lower if they are undertaking such tasks, according to the department.

As for the third condition, the department describes it as a challenge for the development of technologies that will make possible year-round production of fruits and vegetables which enjoy high market demand. (DEPTHnews)

Gov't's environmental policies and their effects on agriculture (CONCLUSION)

By JOSEPHINE BALATAD

COMPARATIVELY DATA by PIDS reveal that it is the big landholders who own large tracts of forest lands and who rake in profits from logging activities. Upland farmers, on the other hand, own a mere 19 percent of forest lands and make do with subsistence level earnings from their forest-based activities (like fuelwood gathering). Since the big landowners comprise less than 5 percent of the country's population, and since their logging activities are the major cause of environmental destruction, then the government's premise for environmental plans does not hold water.

Siltation and pollution are also blamed to an undisciplined and ignorant populace who indiscriminately dump their wastes and garbage onto rivers and vacant lots. Reports say that 70 percent of waste products are generated by households and 30 percent by industrial plants. At the same time, studies reveal that industrial wastes, including chemical inputs, are mostly toxic and untreated and there-

reflect hidden costs of extraction like its harmful effects on ecology. The same goes with pollution control where stiffer penalties for violators must be exacted.

A decisive shift to more ecologically viable farming systems must be made in the medium term. This entails the immediate halt of chemical use in farming. Government's institutional and fiscal support in promoting and developing organic farming and alternative pest management while ensuring just returns for the farmers must top the government's agenda for development.

The formulation of a comprehensive land use policy that will guide land conversion and land classification activities is also a must. This will complement a development strategy toward a sustainable strategy for development.



fore more harmful to the environment.

Rather than marginalize the people's participation in environmental planning and implementation, won't the government do well by using their productive capacity in pursuing a proper framework for genuine environmental agenda? And rather than use the people as scapegoats for environmental destruction, can't the government come up and seriously implement policies that will address the economic and political inequities in the Philippine society, these being the major factors in the great plunder of our environment?

POLICY RECOMMENDATIONS

As we urge the government to come up with sound policies on environmental concerns, a number of policy recommendations, all addressing the problems raised above, is in order:

In the immediate, a total log ban must be enforced. This will give our forests the much-needed respite and rebirth they badly needed. Forestry charges must be adjusted to

But to be effective, an honest effort to arrest environmental degradation in this country needs to be wholistic and participative in approach. It should be made part of a broader effort to correct the existing flaws in the country's economic and political structures which put the greatest pressure on the environment. The export-oriented and debt-dependent economy of the Philippines, the rationale behind intensive resource extraction activities, must be done away with in favor of a more environment-friendly set-up. Therefore, increased productivity and industrialization must be pursued without compromising resource conservation.

These efforts must be anchored on an accurate appraisal of the people's will and must be implemented using their formidable strength. Future policy makers and planners are then challenged to pursue environmental protection with unrelenting determination and unconditional nationalism. (Farm News & Views, Philippine Peasant Institute)



Nearing the homestretch

IN THE next few days, the nation will go to the polls to elect a new set of officials, from the president down to the least town councilor, who will govern this country of 64 million for the next six years. Ordinarily, in these last few days remaining, the electorate would have a good idea of who is expected to come out the winner in the presidential derby, but this year seems to be proving the exception. The political situation remains as volatile as on the day it started and the wise money is hedging on its bets, expecting to see a more reliable consensus in the last two minutes.

Actually, the muddle is beginning to clear up, although the betting is not as active as in past contests. After Jaime Cardinal Sin's Pastoral Letter and Ambassador Emmanuel Pelaez's filing of charges for alleged misappropriation of almost a billion pesos in coconut levy funds, most observers are now conceding that Eduardo Cojuangco has been stopped dead in his tracks. The timing of the case may be highly suspicious, but it generated a lot of unsavory talks and speculations that could only result in revealing the candidate in his worst lights. The Palace boys are reportedly exulting; their strategy has worked as per expectations and the target is hurting, with slim chances of recovery at this late stage of the campaign.

This should make the President a very happy woman. With Imelda out of the picture (everyone deems her a nuisance), her worst fears are over. She could live with any of the remaining candidates, including Ramon Mitra.

The latter's chances are dwindling rapidly, however. The last Social Weather Station survey places him a far fourth from third-placer Cojuangco, with the formidable Miriam Santiago and Fidel Ramos in the lead. Jovito Salonga betters Salvador Laurel who is at the tail-end of the survey.

